II - 3 Pangangalaga sa Kalusugan

Sa bansang Hapon, ang lokal na gobyerno at mga kumpanya ay sumasagawa ng regular na check-up para maiwasan ang pagkalat ng sakit o para agad itong magamot bago pa lumala. Karaniwan, ang pagsusuri ay mababa ang singil at may pagkakataon din na ito ay walang-bayad kaya't makakabuting samantalahin ang ganitong uri ng check-up.

1. Pampublikong Health Center (Hokenjo)

Para sa ikabubuti ng kalusugan ng mga mamamayan, ang mga Pampublikong Health Center ay nagbibigay din ng de kalidad na serbisyo sa inyong lugar. Ang araw, oras, uri o klase ng pagsusuri ay hindi pare-pareho depende sa pampublikong health center kaya dapat makipag-ugnayan muna bago magpunta. Pahina ng Apendise IX-3 81)

- Mga nakakahawang sakit (HIV, STD (Sexually Transmitted Disease), Tuberkulosis, Viral Hepatitis, atbp.)
- Tulong at konsultasyon ng ina at anak upang panatiliin ang kalusugan (Boshi Hoken)
- Tulong at konsultasyon para sa hindi tukoy na dahilan ng sakit,
- Konsultasyon sa pag-iisip (Mental Health)

2. Health Center ng Munisipyo

Ang mga Health Center ng Munisipyo ay nagbibigay ng serbisyong medikal sa mga local na residente gaya ng na pagsusuri para sa mga sanggol, pagbabakuna, pagsusuri ng kanser at regular na pagpapatingin o check-ups sa mga matatanda. Tandaan na magkakaiba ang sistema ng pagsusuri depende sa munisipyo. (May mga lugar din na ang pagsusuri ay ginaganap sa Pampublikong Health Center o Hokenjo) Magtanong sa bawat center para sa detalye. (Pahina ng Apendise IX-3 81)